



## 30 Araw na Abiso para sa Mga Pagsusulit sa Buong Estado ng 2020-21

### HANDA ANG LAHAT NG MAG-AARAL SA PAGTATAPOS

Noong 2010, nagtaguyod ang Oregon ng mas matataas na pamantayan ng K-12 sa English language arts at matematika upang matiyak na lilipat ng antas ang lahat ng mag-aaral nang may kaalaman at mga kasanayang pang-akademiko na kinakailangan para sa tagumpay pagkatapos ng mataas na paaralan. Isinaayos namin ang blueprint ng pagsusulit para sa 2020-21 upang magbigay-daan sa maaasahang pagtatantya sa performance ng mag-aaral, habang binabawasan ang oras na igugugol ng mga mag-aaral sa pagsusulit. Mangyaring tandaan na hindi magagamit ang mga indibidwal na ulat ng mag-aaral para sa 2020-21.

#### Gaano katagal ang mga pagsusulit?

Hindi oorasan ang mga pagsusulit, kaya maaaring magtagal ang inyong anak hangga't kailangan niya upang ganap na maipakita kung ano ang kanyang alam at magagawa. Bumuo ang ODE ng mga pinaikling blueprint para sa taon ng pag-aaral na 2020-21, na binabawasan nang malaki ang mga oras ng pagsusulit. Tatagal ang mga pagtatasa sa English Language Arts at Matematika nang humigit-kumulang isang oras. Sa ating mga kasalukuyang pagsusulit, isang beses lang kada taon kukuha ng pagsusulit ang inyong anak.

#### Ano ang ibig sabihin ng mga resulta?

Tinutukoy ng mga resulta ng lagumang pagsusulit ang mga kalakasan at papahusaying saklaw sa antas ng mga system sa English language arts at matematika para sa mga paaralan, distrito, at estado. Hindi magagamit ang mga indibidwal na resulta ng mag-aaral para sa taon ng pag-aaral na 2020-21.

#### Bakit mahalaga ang paglahok?

Mahalaga ang paglahok ng inyong anak upang makatulong na matiyak na natatanggap ng mga paaralan at distrito ang mga naka-target na resource na kailangan ng mga ito upang matulungang magtagumpay ang lahat ng mag-aaral, lalo na ang mga may pinagmulang historically underserved.

#### Kailan kukunin ng aking anak ang pagsusulit?

Isang beses susubukin ang inyong anak. Tutukuyin ng paaralan ng inyong anak ang mga partikular na petsa kung kailan kukunin ng inyong anak ang mga pagsusulit sa loob ng iskedyul ng pagsusulit sa buong estado sa itaas.

### MGA PAGSUSULIT SA ESTADO NG OREGON:

- **Tumulong na matukoy ang mga paaralan at distrito** na nangangailangan ng mga karagdagang suporta upang matiyak na natutugunan ng mga mag-aaral ang mas matataas na pamantayan
- **Hamunin ang mga mag-aaral na mag-isip nang kritikal** at ilapat ang kanilang kaalaman sa mga tunay na problema
- **Gumamit ng maraming format ng item** upang matiyak ang maraming paraan ng pag-access sa nilalaman ng item

### MGA ISKEDYUL NG PAGSUSULIT SA BUONG ESTADO

Mga Baitang 3-8 at Mataas na Paaralan  
Mga lagumang pagsusulit sa English  
language arts at matematika  
Abril 13 – Hunyo 11, 2021

### MANATILING UPDATED

**Makipag-usap sa guro o punong-guro ng paaralan ng inyong anak kung mayroon kayong mga tanong tungkol sa kung paano ninyo maaaring suportahan ang inyong anak sa English language arts at matematika. Narito ang ilang karagdagang resource:**

<http://tinyurl.com/ELARoadmap> at <http://tinyurl.com/MathRoadmap>

Upang tingnan ang mga halimbawang tanong sa pagsusulit: <http://tinyurl.com/ORPracticeTests>

### PAGLALARAWAN NG MGA KARAPATAN

Pinapahintulutan ng House Bill 2655 ang mga magulang at nasa hustong gulang\* na mag-aaral na taunang mag-opt out sa mga lagumang pagsusulit sa buong estado ng Oregon sa English language arts at matematika sa pamamagitan ng pagsusumite ng taunang form sa paaralan kung saan pumapasok ang mag-aaral. Dapat magbigay ang paaralan sa sinumang estudyanteng hindi kasama sa pagsusulit sa estado ng sinusubaybayang oras sa pag-aaral habang kumukuha ng pagsusulit ang iba pang mag-aaral. Bisitahin ang link na ito upang matuto pa tungkol sa House Bill 2655: <http://tinyurl.com/OR-HB2655>.

**Upang mag-opt out sa mga lagumang pagsusulit sa estado sa English language arts at matematika, dapat kumpletuhin ng magulang/tagapag-alaga o nasa hustong gulang na mag-aaral ang seksyong ito:**

Legal na Apelyido ng Mag-aaral:

Legal na Pangalan ng Mag-aaral:

Baitang Kung Saan Naka-enroll ang Mag-aaral:

Paaralan ng Mag-aaral:

**Mangyaring isaad ang (mga) pagsusulit sa estado kung saan ka mag-o-opt out para sa taon ng pag-aaral na 2020-21:**

English Language Arts

Matematika

Upang pinakamahusay na suportahan ang pagpapalano ng paaralan ng distrito, hinihikayat kayong isumite ang form na ito **sa paaralan ng inyong anak** bago ang Abril 6, 2021. Para sa mga mag-aaral na mag-e-enroll pagkatapos magsimula ng iskedyul ng pagsusulit sa buong estado sa Abril 13, 2021, hinihikayat kayong isumite ang form sa loob ng 2 linggo mula sa pag-enroll. Valid lang ang form na ito para sa taon ng pag-aaral na 2020-21. Ang mga magulang at nasa hustong gulang na mag-aaral ay kinakailangang magsumite ng form sa pag-opt out taun-taon kung gusto nilang hindi isali sa mga lagumang pagsusulit sa buong estado.

**Nauunawaan ko na sa pamamagitan ng paglagda sa form na ito, ino-opt out ko ang aking anak sa pagsusulit.**

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga\* \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_

Naka-print na Pangalan ng Magulang/Tagapag-alaga\* \_\_\_\_\_

\*Maaaring lumagda ang mga nasa hustong gulang na mag-aaral (nasa edad na 18 taong gulang o mas matanda) sa kanilang sariling ngalan at hindi sila nangangailangan ng lagda ng magulang o tagapag-alaga. Ang pag-type ng inyong pangalan sa kahon ng lagda ay nagsasaad ng inyong digital na lagda, na dapat ituring na isang orihinal na lagda para sa layunin ng form na ito.